# Balitang Manmin

BILANG 141 OKTUBRE 4, 2015

# "Naranasan Namin ang Kamangha-manghang Pagpapala ng Diyos!"




Magmula noong taong 2000, marami na ang bumisita sa lugar na kinaroroonan ng Muan Sweet Water. Gumaling sila mula sa mga karamdaman, tumanggap ng mga kasagutan, at nakaranas ng mga espirituwal na bagay kaya napuspos sila ng pag-ibig ng Diyos at pag-asa para sa buhay na walang hanggan sa Langit. (Litrato: Agosto 6, pagbisita sa Muan Sweet Water ng mga pastor at mga miyembro mula sa mga sangay na iglesya sa ibang bansa: iba pang litrato – ang monumento ng Muan Sweet Water at ang mga bisitang masayang naglublob sa tubig)

## Lugar na Kinaroroonan ng Muan Sweet Water – Pinangyayarihan ng Makapangyarihang Paggaling

Bumisita sa lugar ng Muan Sweet Water ang mga pastor at mga miyembro ng mga sangay na iglesya sa ibang bansa. Naranasan nila ang kapangyarihan ng Diyos, napuspos sila ng Espiritu.

Maraming pumunta sa Korea para makibahagi sa retreat sa tag-init ng Manmin para sa taong 2015, nagmula sila sa 27 mga bansa. Noong Agosto 6, bumisita ang 650 sa kanila sa lugar na kinaroroonan ng Muan Sweet Water. Ito ay lugar kung saan nagpakita ng kamangha-manghang kapangyarihan ang Diyos, pinalitan Niya ng naiinom na tubig ang tubig-dagat mula sa balon sa harapan ng Muan Manmin Church. Idinalangin ito ni Dr. Jaerock Lee.

Nagpulong at nanalangin sila sa santuwaryo para pasalamatan ang Diyos sa Muan Sweet Water at sa ipinadanas Niyang kapangyarihan sa kanila. Isinalin sa wikang Ingles, Ruso, Frances, Tsino, Hapon, Kastila, Thai, Indonesian, at Burmese ang pagpupulong. Pinanood nila ang isang video na may kinalaman sa Muan Sweet Water, pagkatapos, pumunta sila sa tuktok ng burol kung saan makikita ang dagat. Uminom sila ng mahimalang tubig doon at niloob ng Diyos na ipakita sa kanila ang mundong espirituwal, mga anghel, at mga misteryosong liwanag (basahin ang kaugnay na kwento sa pahina 4).

Sinabi ni Mrs. Prapapon (Thailand), "Hindi ako makapaglakad nang maayos, nanghihina ang mga binti ko dahil sa diabetes. Nagkaroon ito ng panibagong lakas nang uminom ako ng Muan Sweet Water. Nakakapaglakad na ako ng maayos ngayon!" Sinabi naman ng kasama niyang si Diakonesa Suribuntong, "Nabuksan ang espirituwal na mga mata ko nang wisikan ko ang mga ito ng tubig na ito, nakakita ako ng mga anghel!"

Lumublob sila sa Muan Sweet Water Pool hangga't gusto nila. Marami sa kanila ang tumanggap ng mga kasagutan, niluwalhati nila ang Diyos.

Nawala ang matining na tunog sa mga tainga ni Pastor Shlomy Abramov (Israel) pati ang matinding pamamaga ng kanyang mga binti. Masaya niyang sinabi, "Nang lumublob ako sa tubig, may lumabas na tunog mula sa mga tainga ko. Walan na akong naririnig na matining na tunog ngayon!"

Dati, may mga paltos siya sa mga binti, sa ibaba ng tuhod, parang mga pasa ang kulay nito. Pero nang lumublob siya sa tubig, nawala ang pamamaga ng mga binti niya, nawala ang mga paltos, at nawala ang bigat na nararamdaman niya sa mga sakong niya. Nawala na din ang mga pasa sa mga binti niya, bumalik sa normal ang kulay nito.

Sinabi ni Kapatid Paltin Tiar (Singapore), "Dalawang taon na akong nakasalamin dahil hindi ako makabasa kahit sa malapitan. Hindi ko na kailangan ang salamin pagkatapos kong maglublob sa Muan Sweet Water."

Kapag bumibisita ang mga tao sa lugar ng Muan Sweet Water, inaalala nila ang nakasulat sa Biblia tungkol sa mapait na tubig ng Mara, napalitan ito ng tubig na naiinom para sa mga Israelita (Exodo 15:25). Pinapurihan nila ang makapangyarihang Diyos. Magmula nang maging tubig na naiinom ang Muan sa probinsya ng Jeonam noong Marso 2000, binibisita na ito ng mga taong nagmumula pa sa ibang bansa kasabay ng pagbisita nila sa Manmin Central Church. Gumaling ang mga bumisita mula sa mga karamdaman, at natupad ang mga minimithi ng kanilang mga puso dahil uminom, nagpahid sa katawan, at lumublob sila sa Muan Sweet Water.

Kapangyarihan ng Diyos

### "Nakarinig ang Dalawampu't pitong mga Bingi!"

**Pastor Junghoon Ji,**
Penang Manmin Deaf Church, Malaysia

Dalawampu't walong mga binging miyembro mula sa Malaysia, Thailand, Faroe Islands, at Denmark ang nakibahagi sa retreat sa tag-init ng Manmin sa taong 2015. Pinaghandaan nila ang retreat, nag-ayuno sila sa umaga at dumalo sa pulong-panalanging Daniel sa internet.

Noong Agosto 3, 2015, unang araw ng retreat, inihatid ni Dr. Jaerock Lee ang mensahe. Idinalangin din niya na nawa ay gumaling ang mga may karamdaman at matupad ang mga minimithi ng mga dumalo. Nakikibahagi sa pananalangin ang mga binging miyembro sa pamamagitan ng 'sign language'. Bigla silang nagkagulo, kaya naman pala, nagsimula silang makarinig ng mga tunog.

Sa pamamagitan ng sign language, sinabi ng isa sa kanila na may narinig siyang ungal ng isang leon, itinuro naman ng isa pa ang mga tainga niya, sinabi niya, "Kataka-taka!" Dahil sa panalangin ni Dr. Lee, nabuksan ang mga tainga ng dalawampu't pitong miyembro. Habang nasa sariling bansa pa lang nila sila, may ilan sa kanilang nagsimulang makarinig ng mga tunog dahil sa panalangin ni Dr. Lee. Pagdating nila sa retreat mas bumuti pa ang pandinig nila.

◆ ◆ ◆

Si Kapatid na Liew Kar Luck ay ipinanganak na may diperensya sa pandinig. Nang tanggapin niya ang panalangin ni Dr. Lee sa pagtatapos ng pulong panalanging Daniel, nagsimulang bumukas ang mga tainga niya. Habang nasa retreat, mas bumuti ang pandinig niya, dalawang tainga na niya ang nakarinig. Masayang-masaya siya ngayon. Sinabi ni Kapatid Suck Peng Khu na nakikilala na niya ang mga boses ng tao, napuno siya ng pagpapala. Nalalaman na ni Kapatid Mayfrind Weihe Hansen kung anong awit ng papuri ang kinakanta, narinig na rin niya ang tunog ng tren noong nag-subway siya.

Hindi batid ng mga taong may pandinig kung anong pakiramdam ng mga bingi. Batid ng Punong Pastor ang damdamin ng bawat isa sa kanila, maalab niyang ipinapanalangin ang bawat isa sa kanila. Nawa'y mas maraming bingi ang makaalam ng ebanghelyo ng kabanalan at ng kapangyarihan ng pastol. Matupad sana ang pandaigdigang parokya ng mga bingi!



Sa idinaos na retreat sa tag-init ng Manmin sa taong 2015, maraming taong mula sa ibang bansa ang nakarinig, naranasan nila ang makapangyarihang pagpapagaling (Pastor Junghoon Ji, kaliwa, harapan)



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

“Sa kahuli-hulihan, patuloy kayong magpalakas sa Panginoon, at sa kapangyarihan ng Kanyang lakas. Isuot ninyo ang buong kasuotang pandigma ng Diyos upang kayo’y makatagal laban sa mga pakana ng diyablo.” (Efeso 6:10-11)

# Isuot Ninyo ang Buong Kasuotang Pandigma ng Diyos

Puno ng bahid ng kasalanan ang mundo ngayon, napakahirap makatagpo ng pananampalataya (Lucas 18:8). Sa ganito kasamang mundo, dapat magpalakas ang mga anak ng Diyos sa pamamagitan ng Salita Niya at maging matatag sa pananampalataya. Ang pakikipaglaban ay hindi laban sa laman at dugo, kundi laban sa mga pinuno, laban sa mga may kapangyarihan, laban sa mga kapangyarihang hindi nakikita na naghahari sa sanlibutan sa kadilimang ito, at laban sa hukbong espirituwal ng kasamaan sa kalangitan.

Para magtagumpay laban sa kaaway na diyablo at Satanas, isuot natin ang buong baluti ng Diyos. Ibig sabihin, paghandaan ang lahat ng kakailanganin para sa espirituwal na labanan.

Pag-aralan natin kung ano ang buong kasuotang pandigma ng Diyos para magtagumpay sa mga espirituwal na labanan hanggang sa bumalik muli ang Panginoon.

### 1. Maging matatag kay Jesu-Cristo, isuot ang bigkis ng katotohanan

Sinasabi ng unang bahagi ng Efeso 6:14, “Kaya’t tumindig kayo, na ang inyong mga baywang ay nabibigkisan ng katotohanan.” Mahalaga ang baywang para suportahan ang buong katawan. Pwedeng sabihing dito nagmumula ang kalakasan. Kapag sinuotan natin ng bigkis ang baywang natin, susuportahan at poprotektahan nito ang kalamnan sa bandang ibaba ng gulugod para manatiling tuwid. Magiging matatag tayo kahit mapagod sa paggawa dahil sa bigkis.

Ang kahulugan ng ‘bigkisan ng katotohanan ang baywang’ ay maging matatag kay Jesu-Cristo na Siyang katotohanan. Kapag naghukay ng malalim at nagtayo ng matatag na pundasyon para sa bahay, hindi ito magigiba kahit umulan, bumaha, at humihip ang malakas na hangin. Parang ganito rin ang buhay natin sa pananampalataya. Kapag matatag tayo sa Salita, hindi tayo magpapadala sa mga masasamang pakana ni Satanas. Magkakaroon ng kapangyarihan ang espiritu natin, hindi babagsak o matitisod, at magiging matatag tayo sa katotohanan.

### 2. Isuot ang baluti ng katuwiran, sumunod nang may pananampalataya

Mababasa sa pangalawang bahagi ng talata, “Isuot ang baluti ng katuwiran.” Ang baluti ay isang buong panangga na nakatakip sa katawan. Sinabi sa atin ng Diyos na magsuot ng baluti ng katuwiran sa espirituwal na labanan. Ang tinutukoy ng katuwiran ay pagsunod na may pananampalataya. Sinasabi ng Mga Taga-Roma 10:10, “Sapagkat sa puso ang tao’y nananampalataya kaya’t itinuturing na ganap, at sa pamamagitan ng bibig ay nagpapahayag kaya’t naliligtas.”

Hindi sapat ang kaalaman tungkol sa salita ng Diyos para maging matuwid. Magiging matuwid tayo kapag nagtiwala tayo sa Salita ng buong puso at ipinapakita ang pagtitiwalang ito sa pamamagitan ng mga gawa at pagsunod; sa paglilinis ng puso, pagwawaksi ng mga kasalanan at kasamaan, at pagpuspos ng puso ng katotohanan. Sa paraang ito natin mapoprotektahan ang sarili mula sa kaaway na diyablo at Satanas, at matapang na maitataboy ang kadiliman.

### 3. Suotan ang inyong mga paa ng pagiging handa para sa ebanghelyo ng kapayapaan at magbihis ng bagong pagkatao

Mababasa sa Efeso 6:15, “At nakasuot sa inyong mga paa ang pagiging handa para sa ebanghelyo ng kapayapaan.” Para maisuot ang buong kasuotang pandigma ng Diyos, hubarin natin ang maruming sapatos ng kasalanan at isuot sa mga paa ang pagiging handa para sa ebanghelyo ng kapayapaan.

Sinasabi ng Colosas 3:8-10, “Ngunit ngayon ay itakuwil ninyo ang lahat ng mga ito: galit, poot, masamang pag-iisip, panlalait, at maruming pananalita mula sa inyong mga bibig. Huwag kayong magsinungaling sa isa’t isa, yamang hinubad na ninyo ang dating pagkatao pati ang mga gawa nito...”

Kaya kapag iwinaksi natin ang mga kasalanan na nakatago sa puso at isipan at ang mga kasalanan na nakikita at isinasagawa, at ibibihis ang bagong pagkatao na tumutulad sa Diyos, pwede na nating suotan ang mga paa natin ng paghahanda sa ebanghelyo ng kapayapaan. Inaakit ni Satanas ang mga tao na nakasuot ng kasalanan at kasamaan na patungo sa kamatayan. Kaya iwaksi natin agad ang mga kasalanan at magbago sa Panginoon para tamasahin natin ang matagumpay na buhay bilang mananampalataya.

### 4. Kasama ng lahat ng mga ito, taglayin ninyo ang kalasag ng pananampalataya

Ang kalasag ay isang panangga para sa mga inihahagis na sibat o mga panaksak tulad ng tabak. Kahit gaano katapang ang isang mandirigma at gaano man kaganda ang baluti niya, kung wala naman siyang kalasag, nasa panganib pa rin ang buhay niya. Pananampalataya ang pananggang ito sa espirituwal na labanan.

Mababasa sa Efeso 6:16, “Kasama ng lahat ng mga ito, taglayin ninyo ang kalasag ng pananampalataya, na sa pamamagitan nito ay inyong masusugpo ang mga nag-aapoy na palaso ng masama.” Kung tinamaan ng nag-aapoy na palaso ang isang tao, masasaktan siya nang matindi, kahit pa nakasuot siya ng baluti. Kapag nagdadala ng umaapoy na mga pagsubok si Satanas, pananampalataya ang espirituwal na kalasag na poprotekta sa atin. Ipinapakita nito ang kahalagahan ng pananampalataya.

Sa pamamagitan ng pananampalataya, maliligtas tayo, at kung malulugod ang Diyos sa pananampalataya natin, tutuparin Niya ang mga minimithi ng puso natin (Sa Mga Hebreo 11:6, Mga Awit 37:4).

### 5. Taglayin ninyo ang helmet ng kaligtasan, at ang tabak ng Espiritu, na siyang Salita ng Diyos

Sinasabi ng Efeso 6:17, “At taglayin ninyo ang helmet ng kaligtasan, at ang tabak ng Espiritu, na siyang Salita ng Diyos.” Gawa sa matigas na materyal ang helmet, pinoprotektahan nito ang ulo. Ito at ang kalasag ay kinakailangan kapag lumalaban. Kung hindi magsusuot ng metal na helmet ang isang tao sa lugar ng labanan kung saan may mga lumilipad na bala ang kaaway, parang nagpakamatay na rin siya. Sa espirituwal na diwa, ang pinakamahalagang bagay ay ang helmet ng kaligtasan. Dapat nating samantalahin at panghawakan ang kaligtasan hanggang sa pagbabalik ng Panginoon.

Dapat maging maliwanag ang isipan natin at manatili sa katotohanan sa lahat ng oras hanggang maabot natin ang perpektong kaligtasan (Filipos 2:12). Kung tiyak natin na ligtas tayo, mamahalin natin ang Panginoon na nagligtas sa atin, at dahil sa pagmamahal na ito, tapat ang paglilingkod natin sa Kanya, kahit ibigay pa natin ang sariling buhay. Matatakot ang kaaway na diyablo at Satanas na tuksuhin tayo kung isusuot natin ang helmet ng kaligtasan. Mapapagtagumpayan natin ang mga pagsubok na darating, mas maluluwalhati natin ang Diyos.

Ang tabak ng Espiritu ay Salita ng Diyos. Mga proteksyon ang baluti, helmet, at kalasag, pero ang tabak ay pang-atake sa mga kalaban. Napakahalaga nito.

Para magtagumpay sa espirituwal na labanan, dapat nating palakasin ang sarili sa pamamagitan ng Salita, sapat para buwagin ang kampo ng kaaway na diyablo at Satanas. Magtatagumpay tayo sa mga pagsubok at pagdurusa dahil sa tabak ng Salita. Bukod dito, para maging isang ganap na mandirigma, mahalagang mag-armas ng Salita at gamitin ang tabak ng Espiritu sa tamang paraan. Kung gagawin nating espirituwal na pagkain para sa puso natin ang Salita, magbabago ang espirituwal na lakas natin.

Sa madaling salita, kung ang Salita ang espirituwal na panlaban natin, bibigyan tayo ng Diyos ng mas makapangyarihang kalakasan at awtoridad, matatalo natin ang mga puwersa ng kadiliman.

### 6. Manalangin palagi sa Espiritu, sa bawat dalangin at pagsamo

Sinasabi sa Efeso 6:18, “Manalangin kayo sa Espiritu sa lahat ng panahon sa bawat panalangin at pagsamo. At sa bagay na ito ay maging handa na may buong pagtitiyaga at pagsusumamo para sa lahat ng mga banal.” Paghahanda sa labanan ang puspusang pag-aaral ng Salita ng Diyos. Ginagawa ito bago isuot ang buong kasuotang pandigma, ito ay maalab na pananalangin. Manalangin at mag-aral ng Salita.

Kung nalalaman ninyo ang Salita ng Diyos pero hindi naman kayo nananalangin, kumpleto ang kasuotan ninyo pero hindi ninyo isinusuot. O kaya, hindi ito kasya sa inyo, nahuhubad sa kaunting galaw. Inilalagay ng maalab na pananalangin ang kasuotan sa tamang lugar at sukat. Kaya manalangin kayo sa lahat ng panahon sa Espiritu at magsumamo para lumakas sa Salita. Sa paraang ito, magiging espirituwal na mga mandirigma kayo.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, kung magiging espirituwal na mga mandirigma kayo na nakasuot ng buong kasuotang pandigma ng Diyos, tutulungan Niya kayo at poprotektahan kayo ng hukbo ng langit at ng mga anghel. Hindi kayo lalapitan ng masasama. Kung tutularan ninyo ang Panginoon, tatanggapin ninyo ang kapangyarihan at kalakasan ng Diyos, makakapagdala kayo ng hindi mabilang na kaluluwa sa Kanya. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na nawa ay maging mga espirituwal na mandirigma kayo na nagbibigay ng luwalhati sa Diyos saan man kayo pumunta.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng “The Apostles' Creed” o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

“Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito.” (Ang Mga Gawa 17: 25)

“Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas.” (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Ang Sukatan ng Pusong Espirituwal

Humuhusga at humahatol ang mga tao ayon sa personal nilang damdamin at pamatayan. May kinalaman ito sa pag-uugali na naipamana sa kanila ng mga magulang nila o kaya nabuo ang maling pamantayang ito ayon sa mga bagay na nakita, narinig, at natutuhan nila habang sila ay lumalaki. Dahil maraming tao ang makasarili, hinahanap nila kung saan sila makikinabang, iniisip nilang sila ang tama, at mabilis silang humatol kung hindi ito katulad o naaayon sa pamantayan nila. Kaya kung gusto ninyong magkaroon ng kagiliw-giliw na espiritu na tinatanggap ng Diyos, huwag ninyong ipilit ang pamantayan ninyo ayon sa personal na sistema ninyo tungkol sa pagpapahalaga. Iwaksi ninyo ang mga binuong pamantayan, sinasabing, "Namamatay ako bawat araw" at punuin ninyo ng katotohanan ang puso ninyo. Narito ang dalawang pamantayan para makita kung ang puso ninyo ay espirituwal o hindi.

## Una, masasabi ba ninyo ng taos-puso na mas mahalaga ang ibang tao kaysa sa inyo ano man ang mangyari?

Kung ganap na mamatay para sa katotohanan ang inyong 'sarili', hindi ninyo hahanapin ang pansariling pakinabang, at hindi kayo maiinggit, magseselos, o magkukumpara ng sarili sa ibang tao. Naseselos at nagagalit pa rin kayo, at nanghuhusga at nanghahatol ng ibang tao dahil buhay pa ang inyong 'sarili'. O kaya naman, hindi ninyo gusto ang ibang tao, hindi palagay ang kalooban ninyo sa kanila. Hindi pinanghihinaan ng loob at nabibigo ang isang taong hindi makasarili kahit hindi nangyari ang gusto o inaasahan niya, dahil hindi niya iniisip ang sarili.

◆◆◆

Habang nagiging matindi ang pagmamalinis ng isang tao, nabubuo ang batayan ng mga paniniwala niya. Hindi tama ang pagmamalinis at paniniwala niya. Kadalasan, ang dahilan nito ay nagmumula sa hindi tamang ugali tulad ng paghahanap ng pakikinabangan at paglilingkod ng ibang tao. May mga taong nagmamalinis at may sariling paniniwala kahit sinasabi nilang isinasabuhay nila ang Salita ng Diyos.

Marami sa kanila ang nagmamalinis dahil iniisip nilang naiwaksi na nila ang mga kasinungalingan sa tulong ng Salita ng Diyos, at mayroon na silang kaalaman tungkol sa katotohanan. Kapag naitatag na nila ang sariling paniniwala, at pilitin ang iba na sundin ito dahil sinasabi nilang ito ang kalooban ng Diyos, ipinipilit nilang malinis sila.

Gumagawa ng batayan ang ilang lider kapag nagtatakda sila ng layunin. Ang layunin na ito ang nagsisilbing tuntunin para sa kanila, gusto nilang matupad ito sa sarili nilang katuwiran. Kaya sa pagmamadaling masimulan ito, kadalasan, hindi nila pinapakinggan ang opinyon ng ibang tao. Hindi makapagmungkahi ang mga kasamahan niya, hindi rin sila mapalagay dahil hindi sila nagkakaisa, sumusunod na lang sila kahit nahihirapan sila at hindi kumportable.

Gayon pa man, hindi ito naiisip ng mga lider na tulad nito dahil nasa isipan nilang gawain ito ng Diyos. Iniisip nilang nahihirapan ang mga kasamahan nila dahil maliit ang pananampalataya ng mga ito at kulang sila sa pagmamahal sa Diyos, hindi nila naiisip na sila mismo ang dahilan.

Kaya, dapat nating makita ang lahat ng bagay hindi sa ating pagmamalinis o pamantayan, kundi mula sa pusong ninanais ng Diyos. Kailangan nating magkaroon ng pagmamahal, banal na kabutihang-loob, magandang kalooban, at pang-unawa sa situwasyon ng ibang tao dahil sa kabutihan at bukas na puso. Dapat maging malawak ang puso natin at hindi nakasara sa sariling pamantayan. Sa paraang ito lang natin maiisulong ang kapayapaan sa lahat ng tao at ang kabanalan.

## Pangalawa, maaari ba ninyong sabihin na inaasahan ninyo na magagawa ang lahat ng bagay ayon sa kalooban at Salita ng Diyos?

Dahil may sarili silang pamantayan na ipinapalagay nilang totoo, hindi na maunawaan ng ilang mananampalataya ang kalaliman ng pag-ibig at kalooban ng Diyos. Baka iniisip nilang maliwanag nilang narinig ang tinig ng Banal na Espiritu at malinaw ang paggabay Niya sa kanila. Pero kadalasan, ginagamit nila ang sariling kaalaman na nakatanim sa isipan nila sa mga situwasyon ayon sa sariling kalooban at pagkakaunawa, at hindi dahil sa paggabay ng tinig ng Banal na Espiritu.

◆◆◆

Kung lubos na ninyong naiwaksi ang mga sariling pamantayan at pananaw at pagmamalinis ng sarili, at nakamit ang pusong espirituwal, tiyak na magagabayan kayo ng Banal na Espiritu sa tumpak na panahon. Pero kung hinahangad ninyo na makagawa ng isang malaking bagay para sa kaharian ng Diyos, baka makasarili ang motibo ninyo, pansariling kaluwalhatian. Maalab para sa Panginoon ang taong espirituwal, hindi niya hinahangad ang sariling kaluwalhatian. Gusto niyang tuparin ang kalooban ng Diyos sa kaibuturan ng puso niya. Naghihintay siya sa tamang panahon, mapayapang nagtitiyaga.

Kahit sabihin sa kanya ng Diyos na gawin niyang balewala ang lahat ng ginawa niya ng buong katapan at pagpapagal, makakaya niyang sumunod agad, walang panghihinayang o pagkabalisa. Ito ay sapagkat gusto niyang sundin ang kalooban ng Diyos. Palagi niyang iniisip na pwede rin siyang magkamali kahit sa tingin ay tama siya. Kaya maingat niyang pinapakinggan ang ibang tao, may mapagpakumbabang kalooban, kahit maliit na bata lang ang kaharap niya. Bukod dito, sinusunod niya ang kalooban ng Diyos, hindi siya nagdadahilan o nagbibigay ng 'palusot' sa hindi niya pagsunod, kahit imposibleng gawin ang ipinapagawa sa kanya ng Diyos.

Hindi nanghuhusga ayon sa sariling pamantayan at katuwiran ang mga taong espirituwal. Tinitingnan nila ang mabuti sa bawat bagay, at nagsisikap silang hanapin muna ang kalooban ng Panginoon at ng pastol. 'Ano kaya ang gagawin ng Panginoon o ng pastol sa ganitong situwasyon?' Kapag nakamit ng isang tao ang espirituwal na puso, hindi niya mamadaliin ang gawain ng Diyos, gagawin niya ang lahat ng bagay nang may mabuting kalooban at kapayapaan. Dahil uunahin din niya kung ano ang makakabuti sa ibang tao sa lahat ng bagay, hindi niya hahadlangan ang ibang tao, o pilitin silang gumawa ayon sa katuwiran niya, kahit nasa tama siya.

Kahit saktan siya ng ibang tao, kakaawaan niya ang mga taong ito sa halip na sisihin. Papagaanin at papalakasin niya ang kalooban ng mga taong ito. Kung minsan, pinapabayaan lang ng espirituwal na tao na dayain siya ng iba, kahit alam niyang nandaraya sila. Nagpapakita lang siya ng awa sa kanila, batid niya hindi mapipigilan ng taong ito na maipahayag ang kalooban ng Diyos.

Isusuko ng mga taong tulad nito ang sarili nila dahil gusto nilang matupad ang kalooban ng Diyos. Tumatakbo silang dala-dala ang pag-ibig para sa Diyos. Nagtitiwala sila sa kaibuturan ng kanilang puso na matutupad ang lahat ng bagay ayon sa kalooban ng Diyos, kaya nagtitiyaga sila, naghihintay nang tahimik.

# "Gumaling ang Anak Kong Lalaki Mula sa Autism!"



**Diakono Junok Kim,**
39 taong gulang, Parokya 12
Kasama ang asawa niyang si Diakonesa Raeeun Lee at anak nila, si Kapatid Minsung Kim

Noong taong 2006, ipinanganak ang mapagmahal kong anak na lalaking si Minsung. Mabagal siyang matuto, lalo na sa pagsasalita at pag-uugali. Hindi namin pinagtuunan ito ng pansin. Noong tatlong taong gulang na siya, dinala namin siya sa day care center. Isang araw, iminungkahi ng isang guro doon na dalhin si Minsung sa isang pediatric psychiatrist. Sabi niya, hindi normal ang ikinikilos ni Minsung.

Nalito kaming mag-asawa sa pangyayari, hindi namin ito inasahan. Nag-alala kami, dinala namin siya sa ospital. Dumaan siya sa maraming pagsusuri. Ayon sa mga espesyalista, nasuring si Minsung ay mabagal matuto ng pagsasalita, ayaw mapalayo sa mga taong kinasanayan niya, nahihirapang kilalanin ang mga magulang niya, hindi nagpapakita ng pagmamahal, sobrang aktibo, at may problema sa pakikipag-ugnayan sa ibang tao. Nabigla kami, hindi namin alam kung anong gagawin.

Ipinasok namin siya sa 'treatment classes', dalawang taon siya doon, pero walang pagbabago. Noong taong 2010, noong 5 taong gulang na siya, nasuring hindi normal ang pag-iisip ni Minsung, 'autistic' siya.

Pagkatapos kong madismis mula sa army, nagkaroon ako ng sakit sa balat. Gumaling ito nang lumublob ako sa Muan Sweet Water pool. Dahil sa karanasang ito, napuspos ng Espiritu ang buhay ko bilang Cristiano, may katiyakan ako sa buhay na Diyos at sa kaligtasan. Gayon pa man, nang magbukas ako ng negosyo, palagi akong nakikipagsaya sa mga makamundong tao. Naglaro ako ng golf at kendo, nanigarilyo at naglasing kasama nila. At pinakamalala, lumiban ako sa mga pagsamba tuwing Linggo, madalas akong bumyahe para sa negosyo. Dahil sa ginagawa ko, nahirapan ang asawa ko, palagi kaming nag-aaway.

Nang malaman kong autistic ang mapagmahal na anak namin, nabahala ako. Naalala ko ang mensaheng: nagmumula sa kasalanan ng mga magulang ang autism ng mga anak. Batid ko na kung iwawaksi namin ang mga kasalanan namin at magpapakabanal, gagaling si Minsung. Naging malinaw ang isipan ko dahil dito.

Sinimulan kong pagsisihan ang pagtalikod ko sa pag-ibig at pagpapala ng Diyos, hindi ko isinabuhay ang Salita. Itinigil ko ang pagnenegosyo, lumipat ako ng tirahan, malapit sa tahanan ni Dr. Jaerock Lee ang nilipatan ko para mas madalas ko siyang makita. Nagtrabaho ako sa Lime Finance Service, isang kumpanyang nabuo dahil sa pananampalataya. Sinimulan kong daluhan ang lahat ng mga pagsamba at nanalangin ako sa pulong-panalanging Daniel. Nagkaloob din ang asawa ko bilang pagpapasalamat sa Diyos. Sa pagkakaloob niya, naglakip siya ng sulat sa sobre para sa Diyos, ipinahayag niya doon na nagtitiwala siya na gagaling at magbabago ang anak namin.

Nang maibalik ang pananampalataya namin, naging mapayapa kami bilang isang pamilya, unti-unting gumaling ang anak namin. Marunong na siyang makisama sa ibang tao, lalo na sa aming mag-asawa. Hinangad ko ring magkaroon ng tungkuling mula sa Diyos para mabayaran ko ang pagpapala Niya, ng Panginoon, at ng Punong Pastor. Samantala, nakilala naming pamilya si Rev. Heesun Lee, ang pandaigdigang patnubay na pastor ng Manmin. Binigyan niya ako ng pagkakataong makasali sa Power Chorus ng Komite ng Sining at Pagtatanghal.

Nagpatuloy ang pagbuti ng kalagayan ng anak ko. Pumasok siya sa Manmin Kindergarten at sa pampublikong paaralan. Pinasuri ulit namin siya, nakita sa pagsusuri na normal na siya maliban sa pagsasalita. Kasama na siya ngayon sa grupo ng papuri ng mga bata sa paaralang pang-Linggo. Maayos ang paglaki niya, pinupuri niya ang Panginoon. Hallelujah!

Lubos akong nagpapasalamat sa Diyos. Muli Niya akong binigyan ng isa pang biyaya. Binigyan Niya ako ng pagkakataong makapagturo sa Energy Information Communication Department ng Sudo Electric Technical High School. Bukod dito, gusto ng mga kumpanyang napasukan ko noon na makipagtrabaho ulit ako sa kanila. Tinanggap ko ang biyaya, nagtrabaho ako bilang freelancer.

Marami pang kulang sa aming mag-asawa, pero ibinibigay sa amin ng dakilang Diyos ang pagpapala dahil palaging idinadalangin ng punong pastor, ang pastol ng buhay, ang kawan niya. Dinadala niya kami sa daan patungo sa mga biyaya at kasagutan. Lahat ng pagpapasalamat at luwalhati ay para sa Diyos na kumikilos para sa atin.

# "Naibabaluktot Ko ang mga Tuhod Ko, Nakakapaglakad, at Nakakatalon!"



**Kapatid Gilbette,**
61 taong gulang, France

Nagtatrabaho ako sa France Airport, anim na oras akong nakatayo, masakit na ang mga binti ko. Sa nakaraang tatlong taon, masakit na ang kanang tuhod ko, nahirapan akong maglakad. Nagdusa ako sa pananakit araw-araw habang nasa trabaho ako. Tinapalan ko ito ng pantanggal ng pananakit na ibinigay ng ospital, nag-yoga ako, nag-stretching, at tumakbo para bumuti ang pakiramdam. Pero, namaga lang ang mga tuhod ko, isang taon kong pinagdusahan ito.

Noong Mayo 2015, nagpa x-ray ako sa ospital, nakita dito na may nakausling basag na buto sa kasukasuan ko at kailangang operahan. Ayaw kong magpa-opera, gumamit na lang ako ng padding para sa mga tuhod ko. Gusto kong gumaling, pero ayokong magpaospital. Napakarami ko nang ininom na medisina, nakunan pa ako noon. Dahil dito, hindi ko na maibaluktot ang kanang tuhod ko, hindi rin ako makapagsuot ng pantalon dahil namamaga ang tuhod na ito. Parang hinihila ko ang kanang binti ko kapag naglalakad, kailangan ko pang iayos ito para tumuwid kapag nauupo ako.

Nanlulumo ang puso ko bawat araw. Sa wakas ay binuksan ko ang puso ko sa ebanghelyo ng kabanalan at sa ministeryo ng Manmin na tatlong taon nang ipinapaliwanag sa akin ng kasamahan ko sa trabaho na si Janet. Nagparehistro ako sa Manmin Central Church at sumali sa mga pagsamba sa internet.

Bago matapos ang Hulyo 2015, pumunta ako sa South Korea para dumalo sa retreat sa tag-init ng Manmin. Agosto 3 ang simula nito. Tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee para sa mga maysakit sa pagpupulong na may banal na pagpapagaling. Nawala ang pananakit ng tuhod ko. Nakaluhod ako, hindi na ako nahirapan sa pagtakbo o pag-upo. Hallelujah!

Noong Agosto 6, pagkatapos ng retreat, bumisita ako sa lugar ng Muan Sweet Water. Nakakita ako ng hugis krus na liwanag na parang sumasabog sa paligid ng araw. May nakita ako sa langit na hugis taong anyo na sinusundan ng maraming tao, magkakahawak ang mga kamay nila. Nagpapasalamat ako sa Diyos na nagpagaling sa akin at nagpuno sa puso ko ng Espiritu at nagpadanas ng mga espirituwal na bagay. Nagpapasalamat din ako sa Punong Pastor na nanalangin para sa akin.



## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714